**Q** May sistema bang maaaring i aplay upang makakuha ng Maternity leave at pinansyal na suporta sa panahon ng panganganak at pag aaruga ng anak？

**A** May mga ilang uri ng aplikasyon para sa pangpinansyal na suporta at Maternity leave sa panahon ng panganganak at pag aaruga ng anak. Subalit, may pag ka kumplikado ang mga kondisyon at paraan nito kaya maaaring mahirapan malaman kung anong mga suporta ang maaaring matanggap.

Tingnan ang ilustrasyon sa ibaba upang malaman ang angkop na sistema upang makapag aplay ng benepisyo at bakasyon.

- (Health insurance card) → Nagbabayad ng Employee's Pension at Health Insurance
- (Necktie) → Nagbabayad ng Employment Insurance
- (Briefcase) → Nagtatrabaho
- (Man) → Ama
- (Woman) → Ina
- ¥ → Sistema ng Benepisyong Pinansyal

## HALIMBAWA

### Kaso 1：Ms. A（Babae）



"Dependent Visa" ang Residence status, nagtatrabaho ng 28 oras sa 1 linggo bilang English teacher, maliit lang ang kita kaya siya ay **dependent ng asawa.**

Angkop na Bakasyon：
- Maternity Leave

Angkop na Benepisyong Pinansyal：
- ¥ Childbirth Lump-Sum Allowance
- ¥ Childbirth・Childcare Allowance
- ¥ Child Allowance *base sa kita

### Kaso 2：Ms. B（Babae）



"Engineer・Specialist in Humanities・International Services" ang residence status, nagtatrabaho nang **mahigit 2 taon** bilang Engineer. Isang **International Student** at hindi nagtatrabaho ang **asawa, kaya ito ay kanyang dependent.**

Angkop na Bakasyon：
- Maternity Leave
- Childcare Leave

Angkop na Benepisyong Pinansyal：
- ¥ Maternity Leave Allowance
- ¥ Childcare Leave Allowance
- ¥ Childbirth Lump-Sum Allowance
- ¥ Childbirth and Childcare Support Benefits
- ¥ Child Allowance *base sa kita

### Kaso 3：Mr. C（Lalake）




"Skilled Worker" ang Residence status, **mahigit 5 taon** na nagtatrabaho nang full time bilang chef, **Full time ring nagtatrabaho ang asawa,** na babalik rin sa trabaho matapos ang Childcare leave.

Angkop na Bakasyon：
- Postpartum Paternity Leave
- Childcare Leave
- Karagdagang Leave para sa Ama at Ina

Angkop na Benepisyong Pinansyal：
- ¥ Paternity Leave Allowance
- ¥ Childcare Leave Allowance
- ¥ Child Allowance *base sa kita

# DETALYADONG HALIMBAWA NG MATERNITY/PATERNITY LEAVE AT BENEPISYONG PINANSYAL PARA SA MAG ASAWA.

*Kung makakuha ng "Maternity/Postpartum Paternity Leave" o kaya ay karagdagang leave kabilang ang "Childcare Leave".




## DETALYE NG URI NG BAKASYON・BENEPISYONG PINANSYAL

Nilikha base sa impormasyon mula sa Ministry of Health, Labour and Welfare atChildren ang Families Agency

### Maternity (Prenatal + Postpartum) Leave

*Sanzen sango kyūka*
産前産後休暇

- **Prenatal Leave：6 na linggo（kabilang ang araw ng panganganak)**

  Kung ikaw ay nag aplay nito, hindi ka dapat pagtrabahuhin ng kompanya.

- **Postnatal Leave: 8 linggo**

  Ang matatanggap na bakasyon ay 6 linggo. Maaari nang magtrabaho kung nais mo subalit kailangang gawin lamang ang trabahong pinayagan ng doktor.

Para sa pag aplay ng Prenatal at Postnatal Leave, mangyaring kumunsulta sa pingtatrabahuhang kompanya.

### ¥ Maternity Leave Allowance

*Shussan teate-kin*
出産手当金

Ang halagang katumbas ng **2/3 ng sweldo sa 12 buwan** ay babayaran bago sa unang araw ng pag leave.

*Para lang sa mga nagbabayad ng Employee's pension and health insurance・National health insurance. Hindi sakop nito ang dependent

Mag aplay sa pinasukang Health Insurance sa pamamagitan kompanyang pinagtatrabahuhan.

### ¥ Childbirth・Childcare Lump-Sum Allowance

*Shussan ikuji ichiji-kin*
出産育児一時金

Ang nagbabayad ng Health Insurance at National Health Insurance, o kaya ay ang dependent nito ay makakatanggap ng **500,000 yen** kapag nanganak.

*Kung ang pagbubuntis ay hindi umabot sa 22 linggo, o nanganak nang hindi sakop ng sistema ng benepisyong pang maternal ay makakatanggap ng halagang 488,000 yen.

Para malaman ang halagang matatanggap, mangyaring itanong sa hospital na pinupuntahan bago manganak.

## ¥ Childbirth・Childcare Benefit

*Shussan kosodate ōen kōfu-kin*
出産子育て応援交付金

- Suportang Regalo sa Panganganak：Aabot ng 50,000 yen（para sa 1 nagdadalang-tao）
  Matatanggap matapos ang konsultasyon sa oras ng pagsumite ng notipikasyon ng pagdadalang tao.

- Suportang Regalo sa pag aaruga ng anak：Aabot ng 50,000 yen（para sa 1 sanggol）
  Matatanggap matapos ang konsultasyon mula sa pag sumite ng notipikasyon ng kapanganakan hanggang sa pagdalaw sa bahay.

*Ang uri ng benepisyong matatanggap ay base sa opisina ng gobyernong kinasasakupan.
Halimbawa: Childbirth・Childcare gift ticket（ticket）at iba pa.

Mangyari pong mag aplay sa mga kawaning sumusuporta sa mga pamilya at pag aaruga ng anak na nasa munisipalidad na inyong tinitirahan.

## Postpartum Paternity Leave

*Shusseiji ikuji kyūgyō (Sango papa ikukyū)*
出生時育児休業（産後パパ育休）

Pinakamahaba ang 4 na linggo sa loob ng 8 linggo pagkapanganak（28 araw）, na maaaring hatiin sa 2 beses. Base sa labor-management agreement, maaaring magtrabaho sa loob ng sinang ayunang panahon ng bakasyon.

*Simula sa kabuuang 8 linggo pagkapanganak at pagkalipas nito hanggang sa umabot ng 6 na buwan, na matatapos ang kontrata sa trabaho ay hindi makakakuha nito.
*Kung nagpatuloy man ng kontrata subalit wala pa sa 1 taon, ay maaaring hindi makatanggap nito.

Bilang patakaran, nararapat mag aplay sa kompanya 2 linggo bago magbakasyon.

*Kahit na may planong hatiin sa 2 beses ang pagkuha ng bakasyon, nararapat na pagasabayin nang 1 beses ang pag aplay.

## ¥ Paternity Leave Allowance

*Shusseiji ikuji kyūgyō kyūfukin*
出生時育児休業給付金

Para sa nakakuha ng Paternity Leave, makakatanggap ng benepisyo kung masusunod ang mga kondisyon na nasa ibaba.

- Nakapagbayad ng Employee Insurance nang higit sa 12 buwan sa loob ng 2 taon bago magsimula ang leave, sa loob ng higit 12 buwan ang matatanggap na benepisyo ay may higit sa 11 araw kada buwan (o kaya ay mahigit sa 80 oras).
- Ang ipinasok na araw sa loob ng bakasyon ay hindi lalagpas sa 10 araw (o kaya ay 80 oras).
- Kung may takdang panahon ang pagtatrabaho, nararapat na hindi matatapos ang kontrata simula 8 linggo hanggang 6 na buwan pagkapanganak.

Halagang matatanggap＝ arawang sweldo pagkasimula ng leave（kabuuang halaga ng sahod sa 6 na buwan bago magsimula ang leave÷180）× Araw ng leave（hindi hihigit sa 28 araw）× 67%

I aplay sa Hello Work na sakop ng iyong lugar sa pamamagitan ng kompanya sa katapusan ng buwan kasama ang 8 linggo at 6 na buwan pagkapanganak

(Halimbawa：Araw ng Panganganak→Okt. 15　8 Linggo Pagkapanganak→Dis. 9　Panahong maaaring mag aplay→Dis 10 hanggang katapusan ng Pebrero)

## Childcare Leave

*Ikuji kyūgyō*
育児休業

Bilang patakaran, hanggang sa mag 1 taon ang bata, maaaring mag aplay nang 2 beses sa magkasunod na panahon. Kung makakasunod sa mga kondisyon, mapagbibigyan na pahabain ang leave kapag naka 1 taon at 6 na buwan na ang bata (pinakamahaba ang kapag nasa 2 taon na).

*Hindi makakapag aplay nito kung ang kontrata ay matatapos sa araw na ang anak ay magiging 1 taon at 6 na buwan (o 2 taon).

*Hindi makakapag aplay nito kung wala sa 1 taon ang pagpapatuloy ng trabaho ayon sa labor management agreement.

Bilang patakaran,nararapat na mag aplay 1 buwan bago mag leave.

## ¥ Childcare Leave Benefit

*Ikuji kyūgyō kyūfukin*
育児休業給付金

Para sa nakakuha ng Childcare Leave, maaaring makakuha ng benepisyo kung masusunod ang mga kondisyon sa ibaba

- Nakapagbayad ng Employee Insurance nang higit sa 12 buwan sa loob ng 2 taon bago magsimula ang leave, sa loob ng higit 12 buwan ang matatanggap na benepisyo ay may higit sa 11 araw kada buwan (o kaya ay mahigit sa 80 oras).
- Ang ipinasok na araw sa loob ng bakasyon ay hindi lalagpas sa 10 araw (o 80 oras).
- Hindi matatapos ang kontrata sa araw na ang anak ay magiging 1 taon at 6 na buwan (o 2 taon)

Halagang matatanggap ＝Arawang sweldo na matatanggap pagkasimula ng leave（Buong halaga ng 6 na buwan na sweldo bago mag leave÷180）× Araw ng leave（30 araw）× 67%
（Simula sa araw ng leave hanggang ika- 181 araw at pagkaraan ay 50%）

Para sa unang aplikasyon, simula sa araw ng leave hanggang sa katapusan ng buwan makalipas ang 4 na buwan, mangyaring mag aplay sa Hello work sa pamamagitan ng pinapasukang kompanya.
（Halimbawa：Araw na simula ng leave→Hulyo 10　pagkalipas ng 4 na buwan→Nobyembre 9
Panahon na maaaring mag aplay→Hulyo 10 hanggang katapusan ng Nobyembre）

*Kung hinati sa 2 beses ang leave, nararapat paring mag aplay para sa pangalawang leave.

## Karagdagang Leave para sa Ama at Ina

*Papa mama ikukyū purasu*
パパママ育休プラス

Kung parehong nakakuha ng Childcare leave ang mga magulang at masusunod nila ang mga kondisyon na nasa ibaba, hanggang maging 1 taon at 2 buwan na ang bata, ang bawat magulang ay makakakuha ng leave na pinakamahaba sa 1 taon（kabilang na ang Paternity leave at Maternity leave).

- Kailangan na ang mismong tao na mag aaplay ng Childcare leave ay nag aalaga ng anak bago pa lang mag 1 taon ito.
- Kailangan na ang nakatakdang panahon ng childcare leave ay bago mag 1 taon ang anak.
- Kailangan na araw na simula ng leave ng mismong tao na nag aplay ng Childcare leave ay pagkatapos ng araw ng Childcare leave na nakuha ng asawa.

*Kung nakakakuha ng karagdagang leave para sa Ama at Ina, makakatanggap ng Childcare Leave Benefit nang pinakamahaba ang 1 taon.

Bilang prinsipyo, nararapat na mag aplay sa pinagtatrabahuhang kompanya 1 buwan bago mag leave.

# ¥ Child Allowance

Jidō teate
児童手当

*Simula Hunyo 10 ay magkakaroon ng malaking pagbabago dahilan ng Amendment ng Suportang Aksyon sa Bata at Pagaaruga ng Bata

Para sa mga nag aaruga ng batang nakatira sa Japan hanggang sa makapagtapos ito ng Junior High School (hanggang unang Marso 31 pagkatuntong sa 15 anyos) na ang kita ay ① Hindi lalagpas sa limit ng sistema ng kita o kaya ay ②Lumagpas sa limit ng sistema ng kita・Hindi aabot sa mataas na limit ng sistema ng kita ay maaaring makatanggap.

Ang allowance ay matatanggap nang 3 beses: **Hunyo** (para sa mga buwang Pebrero ~ Mayo), **Oktubre** (para sa mga buwang Hunyo ~ Setyembre) at **Pebrero** (para sa mga buwang Oktubre ~ Enero).

①Para sa ang kita ay hindi lalagpas sa limit ng sistema ng kita (Halaga para sa 1 bata)

- 3 anyos pababa:15,000 yen
- 3 pataas・Bago mag elementarya:10,000 yen (Simula sa pangatlong anak ay 15,000 yen)
- Junior High School:10,000 yen

②Lumagpas sa limit ng sistema ng kita・Hindi aabot sa mataas na limit na sistema ng kita (Halaga para sa 1 bata)

- 5,000円

Para sa mga kailangang aplikasyon, mangyaring makipag ugnayan sa munisipalidad na tinitirahan
*Para sa mga Single Parent at may kapansanan, may bukod na suportang matatanggap, mangyaring makipag ugnayan sa munisipalidad na tinitirahan para sa impormasyon.

## Mga Sanggunian

Guidebook para sa Pamumuhay・Trabaho
(Chapter 4 Panganganak・Pag aaruga ng Anak)
Immigration Services Agency

Pangunahing Impormasyon ukol sa Childcare Allowance
Council of Local Authorities for International Relations

Chart ng Pag aaruga ng Anak Pagbubuntis・Pagkapanganak hanggang pumasok sa elementarya
Children and Families Agency

Site para sa Suporta sa mga Banyagang Residente para sa pag aaruga ng anak
Kanagawa International Foundation

## Para sa Konsultasyon

- **Kung nais malaman na ikaw ay karapatdapat na tumanggap ng leave at benepisyo**: Mangyaring magtanong sa Hello work, Munisipyo ng tinitirahang lugar, Kompanyang pinagtatrabahuhan.
- **Kung minaltrato dahilan ng pagbubuntis・Panganganak・Childcare Leave**: Mangyaring kumunsulta sa Hokkaido Labour Bureau.
- **Para sa mga tanong at Interpretasyon**: Mangyaring kumontak po sa amin.

Listahan ng Hello work na may serbisyo ng Interpretasyon
Ministry of Health, Labour and Welfare

Konsultasyon at Hotline para sa mga Banyagang Manggagawa
Ministry of Health, Labour and Welfare



www.hiecc.or.jp/soudan www.facebook.com/hiecc.support E-MAIL: support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845